

Sekundaryong Script:

Ito ay isang pagsasalin sa Tagalog ng tawag sa telepono ng Mensahero ng Paaralan Bago ang Pagreregistro na matatanggap mo sa Ingles:

Ito ay isang napakahalagang mensahe mula sa Lupon ng Paaralan ng Distrito ng Toronto (Toronto District School Board) para sa iyong anak na papunta sa Baitang (*tiyak sa bata*) ngayong Setyembre. (*Ikaw ay makatanggap ng isang tawag sa telepono para sa bawat isa ng iyong mga anak. Ang mga tawag ay makikilala sa pamamagitan ng baitang na kanilang dinadaluhan.*)

Ang Ministeryo ng Edukasyon ay naghayag na ang mga sekundaryong paaralan ay magbubukas na may isang inangkop na modelo at may pinahusay na mga hakbang na pangkalusugan at pangkaligtasan sa lugar. Sa TDSB, ang mga mag-aaral ay dadalo sa paaralan nang personal tuwing makalawang araw, sa mas maliit na mga klase ng humigit-kumulang 15 mga mag-aaral, na may pag-aaral na nagpapatuloy sa bahay kabilang ang parehong independyenteng oras ng trabaho at live na pag-aaral sa online.

Bilang karagdagan, ang mga sekundaryong paaralan ay magpapatakbo sa isang apat na semestrong iskedyul na hinahati ang taon ng paaralan sa apat na mga bloke ng 44 na mga araw bawa't isa, at kung saan ang mga mag-aaral ay kumukuha ng dalawang mga kurso sa bawa't apat na semestre.

Kung pipiliin mong hindi ipadala ang iyong anak sa paaralan para sa loob ng paaralang pag-aaral sa Setyembre, ang isang ganap na malayuang pag-aaral na modelo ay makukuha para sa iyong anak sa bahay sa pamamagitan ng Virtual na Paaralan para sa Malayuang Pag-aaral ng TDSB. Ang malayuang pag-aaral ay ihahatid sa pamamagitan ng isang sentral na malayuang paaralang modelo dahil walang sapat na mga mapagkukunan namaibigay para sa isang batay sa indibidwal na paaralang modelo.

Kailangang gumawa ang iyong paaralan ng mga listahan ng klase para sa Setyembre, kaya hinihiling namin sa iyo na irehistro ang iyong anak sa oras na ito para sa personal (ito'y nangangahulugan na sa paaralan) o malayuang pag-aaral (ito'y nangangahulugan na Malayuang Paaralan).

- 1) Paano babalik ang iyong anak sa paaralan sa Setyembre:

Pindutin ang 1 para sa “Ang anak ko ay dadalo nang personal”

Pindutin ang 2 para sa “Ang anak ko ay dadalo sa Virtual na Paaralan para sa Malayuang Pag-aaral”

Salamat sa iyong pagrerehistro. Mangyaring bisitahin ang aming website sa www.tdsb.on.ca upang makatanggap ng mga pagbabago at impormasyon tungkol sa mga susunod na hakbang.